

# AWTORIDAD NG PABAHAY NG COUNTY NG SAN DIEGO

3989 Ruffin Road, San Diego, CA 92123-1815 Tel: (858) 694-4801 Toll-free: (877) 478-5478 Fax: (858) 467-9713 TDD: (800) 735-2929

## FACT SHEET SA PANGANGALAP PARA SA NANGUNGUPAHANG KOMISYONER

Ang Lupon ng mga Komisyoner ang lupong tagapamahala ng Awtoridad ng Pabahay ng County ng San Diego (Housing Authority of the County of San Diego o HACSD). Bilang lupong tagapamahala, pinangangasiwaan ng Lupon ng mga Komisyoner ang pangangasiwa ng Housing Choice Voucher (Bawtser sa Pagpili ng Bahay) at Public Housing Programs (Mga Programa sa Pampublikong Pabahay) at responsable sa pag-apruba ng mga aktibidad, tulad ng Plano ng Ahensiya, taunang badyet, kahilingan para sa pagpopondo, programa at pagpapatupad ng mga bagong programa sa pabahay. Ang HACSD Lupon ng mga Komisyoner ay binubuo ng limang miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng San Diego at dalawang Nangungupahang mga Komisyoner (Tenant Commissioner).

Bilang residente ng Pampublikong Pabahay o isang kalahok ng programa na Section 8 Housing Choice Voucher (HCV) sa Housing Authority ng County of San Diego (HACSD), maaari kang maging karapat-dapat para sa appointment sa HACSD Lupon ng mga Komisyoner bilang isang nangungupahang komisyoner.

### Termino ng Panunungkulan

Bawat Nangungupahang Komisyoner ay naglilingkod ng dalawang taong termino. Ang termino para sa kasalukuyang posisyon ay magsisimula sa o pagkalipas ng Agosto 16, 2022.

### Pagiging Karapat-dapat para sa Pagpili ng Nangungupahang Komisyoner

- Ang residente ay dapat direktang tinulungan sa ilalim ng Pampublikong Pabahay o Section 8 HCV Program sa hurisdiksyon ng HACSD. Kabilang dito ang Project Based Vouchers (PBV) at VASH.
- Ang residente ay dapat na nangungupahan sa Pampublikong Pabahay o kalahok sa HCV na may maayos na katayuan, ibig sabihin natugunan ang lahat ng obligasyon ng pamilya sa ilalim ng Pampublikong Pabahay o programang Seksyon 8 at walang mga opisyal na parusa para sa paglabag sa mga patakaran at regulasyon ng Section 8 HCV o Public Housing Programs.
- Ang pangalan ng residente ay kailangang nakalista sa dokumento sa pag-upa
- Ang residente ay kailangang hindi kukulangin sa 18 taong gulang
- Ang residente ay dapat handang makilahok sa pagsasanay at oryentasyon
- Ang residente ay dapat handang dumalo sa mga pulong ng Lupon ng mga Komisyoner
- Dapat iwasan ng residente ang mga salungatan ng interes at sumunod sa mga patakaran ng Lupon

Upang mapanatili ang patuloy na pagiging karapat-dapat, ang mga Nangungupahang Komisyoner ay dapat sumuporta sa Pahayag ng Mga Pinahalagahan ng County at suportahan ang misyon ng HACSD ng mahusay na pagbibigay ng mga pampublikong serbisyo na bumubuo ng malakas at matatag na mga komunidad. Ang pagdalo sa nakaiskedyul na pagsasanay sa Nangungupahang Komisyoner at mga pulong ng lupon ay isang kundisyon ng patuloy na pagiging karapat-dapat.

### Proseso ng Pagpili

Ang mga aplikasyon para sa Nangungupahang Komisyoner mula sa mga kalahok ng programang Section 8 Housing Choice Voucher at mga residente ng Pampublikong Pabahay ay tatanggapin hanggang **11:59 ng gabi, Biyernes, Hunyo 3, 2022**. Bawat nakumpletong aplikasyon na isinumite sa HACSD ay susuriin para sa nauugnay na karanasan, may kaugnay na kaalaman, at interes sa paglilingkod sa komunidad. Batay sa pamantayang nakalista sa itaas, ilang kwalipikadong aplikante ang pipiliin para sa mga interbyu. Kasunod ng mga interbyu, isang pagsusuri sa kriminal na kasaysayan, pagsusuri ng kredito, at pagsusuri ng talaan ng nangungupahan para sa paglabag sa mga patakaran at regulasyon ay isasagawa para sa mga nangungunang kandidato. Ang isang kandidato ay pipiliin ng Awtoridad ng Pabahay at ang pagpipilian ay isusumite sa Lupon ng mga Superbisor ng County ng San Diego para maaprubahan.

